

Nasasabik kaming imbitahan ka sa Ika-19 na Taunang Housing Heroes Awards ng San Mateo County ngayong taon!

Maraming tao sa ating komunidad ang nahaharap sa mabibigat na pagsubok sa tirahan, kalusugan, at pagbangon. Sa Housing Heroes Awards, kinikilala ang mga partner at kasamahan sa komunidad na nagpakita ng natatanging pamumuno sa pagtulong sa mga residente ng San Mateo County na may mga pangangailangan na mag-access, magkaroon, at magpanatili ng ligtas at stable na tirahan.

Ikalulugod naming makuha ang partisipasyon at suporta mo sa pagkilala sa mga indibidwal at organisasyong gumagawa ng makabuluhang pagbabago sa buhay ng mga miyembro ng ating komunidad.

Narito ang **tatlong madaling paraan** para makasali ka:

1) Alamin ang Petsa

Markahan ang iyong kalendaryo para sa Oktubre 21, 2026, mula 2:00-4:30 PM. Samahan kami sa pagkilala ng mga kamangha-manghang nakamit sa matitirhan. Magpapadala kami ng link para sa pagpaparehistro kapag papalapit na ang event. Sa ngayon, i-save ang naka-attach na imbitasyon sa kalendaryo.

2) Magnomina ng Isang Tao

Tulungan kaming kilalanin ang mga taong may kamangha-manghang nakamit. Kung may kakilala kang tao o team na gumagawa ng pagbabago, magsumite ng nominasyon.

Magsumite ng nominasyon dito: [Online na Form para sa Nominasyon sa Housing Heroes 2026](#)
Deadline: Hulyo 31, 2026

3) Ibahagi Ito sa Network Mo

Ipakalat ang balita. May isinama kaming flyer para sa petsa at nominasyon na maibabahagi mo sa iyong team at mga partner.

Makakatulong ang iyong suporta, pagpunta, pagnomina, o pagbabahagi na gawing espesyal ang event na ito.

Salamat, at sana ay makasama ka namin sa pagdiriwang na ito!